



PATNUBAY SA MISA



12 Oktubre 2014

Ika-28 Linggo sa Karaniwang Panahon

Taon A

LINGGO NG MGA TAONG KATUTUBO

Maligaya ang mga Inaanyayahan sa Piging ng Kaharian

Bawat pagdiriwang ng Eukaristiya ay di lamang muling pagsasadula ng Huling Hapunan ng Panginoon, kundi paunang tikim din ng piging ng Kaharian. Ang paanyaya sa dalawang piging na ito ay una sa lahat isang tanda ng dakilang pag-ibig ng Panginoon para sa atin. Ito rin ay higit na di-hamak sa maaaring maging karapat-dapat sa mga pinakadakilang santo. Ngunit inaanyayahan tayo rito, salamat sa kabaitan ng Diyos.

Sa ganang atin, marapat namang ipakita ang ating pagpapahalaga sa pagkabukas-palad ng Panginoon sa pamamagitan ng pagdalo sa piging ng Eukaristiya nang may angkop na “gayak pangkasalan.” Ibig sabihin nito ay isang pusong lubos na malinis sa ano mang kasalanan at napalamutihan ng lahat ng kabaitan ng isang disipulo ni Kristo.

Sa pagsisimula natin sa Eukaristiyang ito, pagtibayin nating muli ang pangako nating mamuhay sa harap ng Panginoon at ialay sa kanya ang pagpupugay ng isang pusong tapat.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Kapag iyong tinandaan lahat ng aming pagsuway, kami kaya ay tatagal? Kaya't ika'y mapagbigay at maawaing Maykapal.

Pagbati

P–Pagpalain ang Panginoong ating Diyos na nag-aanyaya sa atin sa piging ng buhay na walang hanggan. Ang Kanyang biyaya at kapayapaan ay sumainyong lahat!
B– At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P–Tuwing tayo’y nagdiriwang ng Eukaristiya, tumutugon tayo sa paanyaya ng Diyos sa “Piging ng Kaharian.” Tumigil tayo saglit at tanungin natin ang ating sarili kung ang gayak ba nating espirituwal ay alinsunod sa kabanalan

ng ating pag-aalay. (Manahimik saglit.)

P–Para sa pagpapabaya naming pahalagahan ang aming pan-Linggong pagsamba ng pama-yanan, Panginoon, kaawaan mo kami!

B–Panginoon, kaawaan mo kami!

P–Para sa higit naming pagpapahalaga sa ibang mga gawain kaysa sa pan-Linggong Banal na Misa, Kristo, kaawaan mo kami!

B–Kristo, kaawaan mo kami!

P–Para sa aming pangungumunyon nang wala sa angkop na disposisyon, Panginoon, kaawaan mo kami!

B–Panginoon, kaawaan mo kami!

P–Kaawaan tayo ng makapang-yarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B–Amen!

Papuri

B–Papuri sa Diyos sa kaitaan at sa lupa’y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

P—Ama naging makapangyarihan, ang iyo nawang kagandahang-loob ay manguna at sumubaybay sa aming pamumuhay ngayon at araw-araw upang kami’y itaguyod sa paninindigang gumawa ng kabutihan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa Isa 25:6-10

Sa maraming siglo, nanalig ang mga Israelitang sila lamang ang laging mahal ng Diyos. Ngunit iba ang plano ng Diyos. Sa pamamagitan ng propetang si Isaias, ipinahayag Niyang balang araw, lahat ng tao sa buong daigdig ay dudulog sa piging ng Kanyang kaharian.

L—Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Isaias

Sa Bundok ng Sion, aanyayahan ng Panginoon ang lahat ng bansa. Gagawa siya ng isang piging para sa lahat na ang handa’y masasarap na pagkain at inumin. Sa bundok ding ito’y papawiin niya ang kalungkutang naghahari sa lahat ng bansa. Lubusan na niyang papawiin ang kamatayan. Papahirin ng Panginoon ang luha ng lahat; aalisin niya sa kahihyan ang kanyang bayan.

Kung magkagayon, sasabihin ng lahat: “Siya ang ating Diyos na ating pinagtitiwalaan, ang inaasaan nating magliligtas sa atin. Magalak tayo at ipagdiwang ang kanyang pagliligtas.” lingatan ng Diyos ang bundok na ito.

Ang Salita ng Diyos!

B—Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan Awit 22

B—Lagi akong mananahan sa bahay ng Poong mahal!

R. M. Velez



La-gi a-kong mana- na-han sa



ba-hay ng Po-ong Ma- hal!

* Panginoo’y aking Pastol, hindi ako magkukulang. Ako’y pinahihimlay sa mainam na pastulan, at inakay niya ako sa tahimik na batisan, binibigyan niya ako niyong bagong kalakasan. **B.**

* At sang-ayon sa pangako na kaniyang binitiwang sa matuwid na landasi’y doon ako inakay. Kahit na ang daang iyo’y tumatahak sa karimlan, hindi ako matatakot pagka’t ika’y kaagapay; ang tungkod mo at pamalo ang gabay ko at sanggalang. **B.**

* Sa harapan ng lingkod mo, ikaw ay may handang dulang, ito’y iyong ginagawang nakikita ng kaaway; nalulugod ka sa akin na ulo ko ay langisan at pati na ang kalis ko ay iyong pinaapaw. **B.**

* Tunay na ang pag-ibig mo at ang iyong kabutihan, sasaaki’t tataglayin habang ako’y nabubuhay; doon ako sa templo mo lagagi at mananahan. **B.**

Ikalawang Pagbasa Fil 4:12-14.19-20

Sa pagwawakas ng kanyang liham sa mga Kristiyano ng Filipos, binibigyan-diin ni San Pablo ang kanyang pagtatakwil sa mga ari-ariang materiyal. Pinasasalamatang din niya ang kanilang bukas-palad na tulong pampananalapi. Ang ganitong mga kabaitan ay marapat din nating tularan ngayon.

L—Pagpapahayag mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Filipos

Mga kapatid: Naranasan ko ang maghikahos. Naranasan ko rin ang managana. Natutuhan ko nang harapin ang anumang katayuan: ang mabusog o magutom, ang kasaganaan o kasalatan. Ang lahat ng ito’y magagawa ko dahil sa lakas na kaloob sa akin ni Kristo.

Gayunman, ikinagagalak ko ang ginawa ninyong pagtulong sa akin. At buhat sa kayamanan ng Diyos na hindi mauubos, ibibigay niya ang lahat ng inyong kailangan sa pamamagitan ni Kristo Hesus.

Purihin ang ating Diyos at Ama magpakailanman! Amen.

Ang Salita ng Diyos!

B—Salamat sa Diyos!

Aleluya

Ef 1:17-18

B—Aleluya! Aleluya!

D’yos Ama ni Hesukristo,

kami ay liwanagan mo at tutugon kami sa’yo. Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita Mt 22:1-14

Sa parabula ngayong tungkol sa piging pangkasalan, ginaganyak ni Hesus ang mga pinunong Judio na magnilay sa mahahalagang ibubunga ng pagtanggap sa paanyaya ng Diyos na sila’y maging bahagi ng Kaharian. Pinaaalalahanan din niya ang mga nagpaunlak sa paanyayang sila’y dapat tumugon sa moral na pananagutan sa kanilang katayuan.

P—Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo
B—Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, muling nagsalita si Hesus sa mga punong saserdote at matatanda ng bayan sa pamamagitan ng talinghaga. Sinabi niya: “Ang paghahari ng Diyos ay katulad nito: naghandog ng isang piging ang isang hari sa kasal ng kanyang anak na lalaki. Sinugo niya ang kanyang mga alipin upang tawagin ang mga inanyayahan ngunit ayaw nilang dumalo. Muli siyang nagsugo ng ibang mga alipin at kanyang pinagbilinan, ‘Sabihin ninyo sa mga inanyayahan na naihanda ko na ang aking piging: napatay na ang aking mga baka at mga pinatabang guya, at handa na ang lahat ng bagay. Halina kayo sa piging!’ Ngunit hindi ito pinansin ng mga inanyayahan. Humayo sila sa kani-kanilang lakad; ang isa’y sa kanyang bukid at sa kanyang pangangalakal naman ang isa. Sinunggaban naman ng iba ang mga alipin, hinamak at pinatay.

Galit na galit ang hari. Pinaparoon niya ang kanyang mga kawal, ipinapuksa ang mga mamamatay-taong iyon at ipinasunog ang kanilang lunsod. Sinabi niya sa kanyang mga alipin, ‘Nakahanda na ang piging, ngunit hindi karapat-dapat ang mga inanyayahan. Kaya’t pumunta kayo sa mga lansangang matao, at inyong anyayahan sa kasalan ang lahat ng makita ninyo.’ Lumabas nga sa mga pangunahing lansangan ang mga alipin at isinama ang lahat ng natagpuan, masama’t mabuti, anupa’t napuno ng mga panauhing ang bulwagang pangkasalan.

Pumasok ang hari upang tingnan ang mga panauhing, at nakita niya roon ang isang taong hindi nakadadmit-pangkasalan. ‘Kaibigan, bakit ka pumasok dito nang hindi nakadadmit-pangkasalan?’ tanong niya. Hindi

nakaimik ang tao. Kaya't sinabi ng hari sa mga katulong, 'Gapusin ninyo ang kanyang kamay at paa at itapon siya sa kadiliman sa labas. Doo'y mananangis siya at magngangalit ang kanyang ngipin.' Sapagkat marami ang tinatawag, ngunit kakaunti ang nahihirang."

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B - Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B - Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P - Sa pagkakatipon natin bilang mag-anak ng Diyos para sa piging ng Eukaristiya, ipanalangin natin ang mga pangangailangan ng sangkatauhan at ang sa atin. Maging tugon natin ay:

B - Panginoon, dinggin mo kami!

* Para sa Simbahan, ang pama-yanang inaanyayahang dumulog sa piging ng pag-ibig ng Diyos: Nawa ang masiglang paglahok dito'y maging isang inspirasyon sa lahat ng tao para tanggapi't pasalamatang paanyaya ng Diyos. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa Santo Papa, ating Obispo, at lahat ng iba pang pinunong espirituwal: Nawa tulungan tayo ng kanilang halimbawa sa maagap na pagtugon sa panawagan ng Diyos. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa lahat ng Kristiyano, lalo na para sa mga Katoliko sa ating bansa: Nawa maunawaan nila ang pangangailangan sa pama-yanan ng mga disipulo alinsunod sa turo ng *PCP II*. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa lahat ng higit na naaakit sa mga makamundong panghalina kaysa mga pagpapahalaga sa Ebanghelyo: Nawa maunawaan nilang ang tunay na mahalaga sa buhay ay ang pagtupad sa kalooban ng Diyos at pagsisikap sa Kanyang Kaharian. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa lahat ng mga taong katutubo: Nawa magkalakas-loob silang magtanggol sa lupain ng kanilang mga ninuno, yaman ng kanilang kultura, at kanilang mga karapatan bilang mamamayan, sa pagtataguyod ng pamahalaan at kanilang mga kapwa Pilipino. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa ating lahat na natitipon dito para sa ating pagsamba ngayong Linggo at sa ating mga pamilya: Nawa makilahok tayong ang puso'y malinis sa ano mang kasalanan at napalalamutihan ng pananampalataya at pagkakawang-gawa. Manalangin tayo! **B.**

* Tahimik nating ipanalangin ang ating pansariling mga kahilingan. (*Tumigil saglit.*)

Manalangin tayo! **B.**

P - Panginoong Diyos, marami pong salamat sa pag-aanyaya sa amin sa Piging Pangkasalan ng Iyong Anak na si Hesus. Ipagkaloob Mo sa amin ang biyayang kami'y laging magpasalamat sa gayong pribilehiyo sa pamamagitan ng pamumuhay na kalugud-lugod sa Iyo. Isinasamo namin ito sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon.

B - Amen!



P - Manalangin kayo . . .

B - Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P - Ama naming Lumikha, tanggapin mo ang aming mga panalangin na sumasaliw sa aming paghahain upang sa ginaganap naming pagdiriwang kami'y makatawid sa kaluwalhatian sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B - Amen!

Prepasyo IV

P - Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatang pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Siya ay naging kapwa naming maaasahan upang may mangunang umako sa pananagutan dahil hangad mong magbago ang kinamihasnang pagkakanya-kanya ng sangkatauhan. Bunga ng pagtitiis, siya ay nanaig at ang kamatayan ay kanyang nalupig kaya't siya ang aming Daan para aming masapit ang iyong tapat at maaasahang pag-ibig.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B - Santo, santo, santo . . .

Pagbubunyi

B - Sa krus mo at pagkabuhay kami'y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.



B - Ama namin . . .

P - Hinihiling namin . . .

B - Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B - Kordero ng Diyos . . .

Paanyaya sa Pakikinabang

P– Ito si Hesus, ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Kahit mga mayayaman ay nagugutom din naman, ngunit pinapakinabang ng Panginoon ang tanang sa kanya'y naglalapitan.

Panalangin Pagkapakinabang

P– Ama naming mapagmahal, ngayong kami'y iyong pinapakinabang sa Katawa't Dugong banal

iniluluhog namin sa dakila mong kabutihan sa tanan na kami'y gawin mong kasalo sa iyong buhay sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B– Amen!



P– Sumainyo ang Panginoon.

B– At sumaiyo rin!

P– Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. (Tumahimik sandali.)

Iligtas nawa kayo ng Ama ng pag-ibig at awa laban sa lahat ng masama, at gabayan nawa kayo tungo sa kabanalan at kapayapaan.

B– Amen!

P– Tibayan nawa ng Kanyang Anak na si Hesus, na aming Kapatid at Tagapagligtas, ang aming mga puso sa harap ng tukso at panghihina ng loob.

B– Amen!

P– Akayin nawa kayong lagi ng Espiritu ng karunungan sa pagtanggap sa paanyaya ng Ama at sa gayo'y malasap ninyo ang kagalakan sa Kanyang Kaharian.

B– Amen!

P– Pagpalain kayo ng makapang-yarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B– Amen!

P– Humayo kayo sa kapayapaan at maging kasangkapan ng pag-ibig ng Diyos para sa lahat.

B– Salamat sa Diyos!

Pag-aaral Tumugon sa Paanyaya ng Diyos

May plano ang Diyos – planong kaligayahan para sa lahat. Nais Niyang tipuning lahat sa isa lamang mag-anak sa Kanyang makaamang pagmamahal, ang lahat ng Kanyang nilikhang kalarawan Niya. Ang gayong panlahat na maligayang pagtitipon ay malimit na **sinasagisag ng isang piging**. Iyon ang magiging kaganapan ng Kanyang Kaharian kung saan wala nang kamatayan at mapapahid din ang mga luha ng kasalukuyang paghihirap. (Sangguniin Isa 25:8 at Pah 21:4.)

Ang gayong pangwakas na pagdiriwang ay pangunahan ng isang **panahon ng paghahanda – panahon ng binubuong Kaharian, panahon ng Simbahan**. Lahat ay inaanyayahang dumalo sa piging na ito ng Diyos para parangalan ang Kanyang Anak. (Sangguniin ang sipi ng Ebanghelyo ngayon.)

Kapuri-puri ang bukas-palad na Hari sa parabula: nagsugo siya sa mga piling panauhing mapilit niyang pinaanyayahan.

Gayunman, tila di man lamang pinansin ang paanyaya. Ipinagtataka't ikinalulungkot natin ang kanilang inasal. At di natin sila sukat kaawaan sa marahas nilang naging parusa.

Ang talinghagang ito ay sumasagisag sa tugon ng mga Taong Hinirang ng Diyos sa paanyayang tanggapin at pagpugayan nila ang Mesiyas Sumasagisag din ito sa tugon ng sangkatauhan. Ang Diyos ay laging bukas-palad at mabait. Ang mga tao ay madalas na walang utang na loob at mapagmataas. Wala

rin silang pagpapahalaga sa maraming biyayang kaloob sa kanila ng Panginoon at sa tunay na mahahalaga sa buhay.

Ang parabula sa Ebanghelyo ngayon ay nagtutulak sa ating magtanong at sumagot sa ilang katanungan:

- **Paano nating tinugon ang paanyaya ng Panginoon para parangalan natin ang Kanyang Anak?**
- **Tulad ba tayo ng mga inanyayahang panauhing may “ibang higit na mahalagang kaabalaan?”** (Sangguniin Mt 22:5.)
- **O, tayo ba'y kabilang sa mga nasa loob na ng bulwagan para sa piging (sa Simbahan), ngunit ang asal nati'y isang tunay na insulto sa dakila't banal na nag-anyaya kung kaya naging iskandalo pa sa ibang naroroon?** (Sangguniin Mt 22:11.)

Ang pagiging kaanib sa Kaharian ay tuwinang kaloob na alangan sa ating di pagiging karapat-dapat. Inaasahan tayo ngayong magpapahalaga rito sa pamamagitan ng pamumuhay na angkop sa karangalang ipinagkaloob sa atin ng pag-ibig ng Diyos.

Dasalin ang “Pambansang Panalangin para sa Pagdalaw ng Santo Papa” bago ang Panalangin Pagkapakinabang sa bawat Misa hanggang Enero 14, 2015. (Maaaring makita ang panalangin sa www.wordandlife.org/downloads-2/.)



**WORD & LIFE
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org, wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, C. Valmonte, Sr. F. Santos, SMI, G. Ramos, R. Molomog, D. Daguio,

V. David • Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Circulation: F. Edjan